REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 02-163

**KAPASIYAHAN NA IPINAGKAKALOOB ANG APLIKASYON PARA SA AKREDITASYON NG ALABANG FILINVEST BFAD RITM FX DRIVER-OPERATOR ASSOCIATION (ALFILDOA).**

*******************************************************************************

Ipinanukala nina: *Kgg. Lucio B. Constantino*
*Kgg. Allan Rey A. Camilon*
*Kgg. Mario E. Bulay, Jr.*
*Kgg. Bal Niefes*
*Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kgg. Nicanor L. Echavez, M.D.*
*Kgg. Mggl. Raul R. Corro*
*Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea*
*Kgg. Elmer S. Espeleta*
*Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.*
*Kgg. Rufino B. Joaquin*
*Kgg. Artemio A. Simundac*
*Kgg. Christian Glenn D. Lorica*

*******************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa **Seksiyon 34 ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991,** tungkulin ng lokal na pamahalaan na itaguyod ang pagtatatag at operasyon ng mga pangmamamayan at di-pangpamahalaang samahan upang maging aktibong kasangga sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

**SAPAGKAT,** ang **ALABANG FILINVEST BFAD RITM FX DRIVER-OPERATOR ASSOCIATION** (ALFILDOA) na matatagpuan sa ***Alabang City Terminal, Lungsod ng Muntinlupa*** ay nagsumite ng aplikasyon para sa akreditasyon ng kanilang samahan;

**SAPAGKAT,** layunin ng **ALABANG FILINVEST BFAD RITM FX DRIVER-OPERATOR ASSOCIATION** (ALFILDOA). na magbigay ng pantransportasyong serbisyo para sa rutang Alabang, RITM, BFAD, Asian Hospital, Ospital Ng Muntinlupa, Filinvest Festival Mall balikan, matapos itong makakuha ng prankisa sa **Land Transportation Office-Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB);**

**SAPAGKAT,** ang nasabing samahan ay nagsumite ng kumpletong dokumento na hinihingi at kinakailangan ng Sangguniang Panlungsod para sa akreditasyon katulad ng mga sumusunod:

1. *Pangalan ng Asosasyon*
2. *Pangalan ng mga Opisyales at Miyembro*
3. *Talaan ng Pananalapi (latest)*
4. *SEC/DTI/CDA Registration*
5. *Plano at Programa ng Samahan*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**



**SAPAGKAT,** ang ibibigay na akreditasyon sa **ALABANG FILINVEST BFAD RITM FX DRIVER-OPERATOR ASSOCIATION INC.,** (ALFILDOA) bilang pagkilala lamang ng Pamahalaang Lungsod sa kanilang samahan at di-pagbibigay pahintulot upang maging ganap ang kanilang layunin nang walang mga kaukulang dokumentong ipinagkakaloob ng LTO-LTFRB para sa operasyon ng pantransportasyong serbisyo;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** na ipagkaloob ang sertipiko ng akreditasyon sa **ALABANG FILINVEST, BFAD, RITM FX DRIVERS AND OPERATORS ASSOCIATION (ALFILDOA).**

**PINAGTIBAY** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **Ika-3rd ng Oktubre 2002,** sa ginanap na ika-**50th** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

***Pahina 3***
***Kapasiyahang Panlungsod Bilang 02-163***

**LIBAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR.**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ** pbs/ir.
*Pangalawang Punonglungsod/Panguluhang Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ________

*/Nory Olarve*

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos.:842-27-11 • 842-23-77
FAX No.: 842-6196